

May batas na para makapag-aral ang mga dayuhang bata na naninirahan sa Japan ayon sa pormal na edukasyon ng sistemang Hapon (Japanese Language Education System)

Iba't ibang mga hakbang ang isinagawa upang masuportahan ang mga dayuhang bata upang sila ay magkaroon ng pagkakataong makapasok sa mataas na paaralan kagaya ng kolehiyo at iba pa. Inaasahang sila ay maging kasintulad ng mga kabataang Hapon na magiging haligi ng simbiotikong sosyedad ng bansang Hapon.

1. Ang pangalan ng mga dayuhang bata ay isasama sa listahan ng mga batang nasa edad para pumasok sa eskuwela kasintulad ng mga batang Hapon ayon sa sistema ng compulsory education
2. Pagpadala ng gabay sa pagpasok sa eskuwela sa pampublikong elementarya at junior high school sa mga pamilya na may anak na nasa edad para pumasok sa eskuwela at pagpunta sa bahay ng mga magulang na hindi sumagot sa paanyaya para sa proseso ng pagpa-enrol.
3. Ang mga batang dayuhan ay maari ding pumasok sa kindergarten o nursery school
4. Ang mga batang dayuhan ay maaring pumasok sa ibang eskuwelahan maliban sa eskuwelahang nakatalaga ayon sa kanilang area kung sila ay tatanggapin sa nasabing eskuwelahan.
5. Ayon sa kanilang antas sa wikang Nihongo ay maari silang maki-usap na pumasok sa mas mababang baitang kesa nakalaang baitang na dapat nilang pasukan ayon sa kanilang edad.
6. Ang mga batang dayuhan na hindi natapos ang compulsory education sa kanilang bansa o dito man sa Japan ay maaring makiusap sa Board of Education na sila ay makapag-enrol ulit kahit na lumagpas na sa edad na naangkop sa compulsory education.
7. Magbibigay ng pag-gabay sa mga syudad o bayan na may junior high night school.
8. Magbibigay din ng pag-gabay sa mga batang dayuhan na nasa junior high school upang sila ay mahikayat na magpatuloy sa pag-aaral sa high school
9. Para sa high school entrance examination, ang naturang high school ay magbibigay ng espesyal na quota para sa mga dayuhang mag-aaral.

Ang pag-asikaso sa mga dayuhang bata sa kanilang pag-aaral ay noon pa man ay ginampanan ng lokal na pamahalaan at pribadong sector. Pero dahil nailabas na ang nasabing batas, ay mas mabibigyan na ng pansin ang pangangalaga sa edukasyon ng mga dayuhang bata. Gayun pa man dahil hindi kaagad-agad maisasakatuparan ang proyektong ito ang FICEC ay handang tumulong at magbigay suporta sa mga dayuhang bata. Sana ang mga dayuhang bata at mga magulang ay gamitin ang pagkakataong ito.

Sistema ng Paaralan sa Japan

	4 th year	Unibersidad			※Unibersidad	
	3 rd year					- Mayroong entrance examination
	2 nd year		Junior college	Vocational school		- May matrikula o tuition fee
	Freshmen					- Mayroong scholarship system
Edad-17 yrs	Third year	High school			※Public high school	
Edad-16 yrs	Second year				- Mayroon entrance examination	
Edad-15 taong gulang	First year				- Uniform / walang uniform	
					- Libre ang tuition –Pagpasok sa school maaring maglakad, bisekleta o sasakay ng train	
Edad-14 yrs	3 rd year	Junior high school			※Public junior high school	
Edad-13 yrs	2 nd year				- Libre ang tuition	
Edad-12 yrs	1 st year				- May uniform – Maglalakad papasok	
Edad-11 yrs	Grade 6	Elementary school			※Public elementary school	
Edad-10 yrs	Grade 5				- Libre ang tuition - damit pang-araw araw	
Edad-9 yrs	Grade 4				- Maglalakad papasok ng eskuwela kasama ng nakatalagang grupo.	
Edad-8 yrs	Grade 3					
Edad-7 yrs	Grade 2					
Edad-6 yrs	Grade 1					

JFT Basic - Japan Foundation Test (para sa basic Japanese)

Simula Marso 1 ay makakakuha na ng JFT-Basic Test.

Para sa detalye: <https://www.jpff.go.jp/jft-basic/index.htm>

Mga pagpapayo

Maaring magkunsulta sa FICEC
Mula Lunes ~ Biyernes, 10:00 ~ 16:00.



Tatlong taon na akong naninirahan dito sa Japan. Nagsara ang curry shop na pinagtatrabahuhan ko dahil sa COVID-19. Wala akong pera at wala ding trabaho. Ano ang maaring gawin ko?

Para sa mga dayuhang hindi makauwi sa kanilang bansa dahil sa COVID-19, at gayundin ang mga nawalan ng trabaho, ang Immigration Bureau of Japan ay nagbigay ng pahintulot mula Disyembre 1 : Lahat ng mga dayuhan, kasama na din ang may status of residence na hindi pinapayagang magtrabaho ay maari nang mag part-time job para matustusan ang kanilang pamumuhay. Magsumite lamang ng aplikasyon sa Immigration Bureau sa inyong area para sa permiso para sa ibang gawain maliban sa status of qualification. Pag nakakuha ng permiso, maghanap ng trabaho sa internet.



* Labor Standards Advice Hotline <Tel: 0120-811-610>

Lunes ~ Biyernes : 17:00 ~ 22:00

Sabado, Linggo at holidays : 9:00 ~ 21:00

◆Magkunsulta sa wikang : Nihongo, English, Chinese, Spanish, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Burmese, Nepali, Korean, Thai, Indonesian, Cambodian (Khmer), Mongolian

新型コロナウイルス感染下における
外国にルーツがある人々への支援活動応援助成
三菱財団 × 中央共同募金会



Bigas



Cooked rice

FICEC food bank

Sa pakikipag-ugnayan sa NPO Food Bank Saitama ay nasimulan ng FICEC ang food bank o pagbibigay ng supply ng pagkain sa mga dayuhan. Sa FICEC Food Bank ay may bigas, mga de-latang pagkain, pasta, packed food, snacks at iba pa. Mga dayuhang mag-aaral sa Japanese class, mga nagpapatulong sa pag-aaral o nagkokunsulta at nagpapayo ay maaring tumanggap. Gagamitin din ng FICEC ang ibang pagkain sa mga ebento at pagtitipon. Makipag-ugnayan lamang kung dahil sa inyong relihiyon ay may pagkaing hindi kayo puwede (Haram Food).



Retort food



Delata na karne, isda, atbp

Pag-apply para sa Saitama Pref. Housing

Naghahanap ba kayo ng murang tirahan? Kung kayo ay nakatira sa Saitama Prefecture, mababa ang sahod o kita at naayon sa kwalipikasyon ay maari kayong mag-apply para sa Saitama prefectural housing. Mga dayuhang residente na may mid-to-long-term status of residence ay maaring mag-apply. Ang Saitama prefectural housing ay ipinatayo at pinapanatili sa tulong ng gobyerno. Mayroong 307 na pabahay (Danchi) sa loob ng Saitama Prefecture. Ang lugar ng mga pabahay ay malaki at maraming mga gusaling tirahan ang itinayo. Ang mga residente ng pabahay ay karaniwang naka-target sa mga pamilyang may mga anak kaya't ang karamihan sa mga bahay ay 3DK type. Maaari ninyong mabigyan ng sariling silid ang mga bata.

Ang pabahay ng prepektura ay para sa mga taong may mababang kita na nangangailangan ng tirahan, kaya't ang renta ay mas mura kaysa sa pribadong pabahay. Subalit hindi tulad ng pribadong pabahay, may mga paghihigpit sa laki ng kita ng sambahayan at bilang ng miyembro na maaring tumira. Pero bakit hindi natin subukan at tingnan kung maari tayong mag-apply?

Pagtanggap ng aplikasyon para sa mga nabakanteng bahay ay ginagawa apat na beses sa isang taon tuwing Enero, Abril, Hulyo, at Oktubre. Sa panahon ng tanggapan, makakakuha ng porma ng aplikasyon sa mga munisipyo o sa mga sangay at iba pang tanggapan. Punan ang aplikasyon at isumite sa Saitama Prefectural Housing Supply Corporation.

Para sa detalye kontak lamang ang: Saitama Housing Supply Corporation, Prefectural Housing Division, Head Office, TEL 048-829-2875 <http://www.saijk.or.jp/juutaku/>